Opening Remarks of Ambassador Leslie J. Baja
during the 3rd edition of Pistang Pinoy
9 June 2024

Magandang umaga po sa inyong lahat!

Ikinagagalak ko pong makasama kayo sa ating pagdiwang ng 126th anniversary ng kalayaan ng Pilipinas. Ito na po ang 3rd edition ng Pistang Pinoy, nais kong pasalamatan ang ating FilCom organizations at leaders: ang Filipino Society in Morocco at Filipino Fun Club in Morocco at ang lahat ng tumulong para sa ating Pistang Pinoy at ang kauna-unahang Mutya ng Kalayaan ng Pilipinas.

Alam kong matagal niyo nang pangarap magkaroon ng pageant dito sa Morocco. Buo ang suporta ng embahada sa inyo dahil naniniwala kami na ang pagganap ng pageant ay isang pagkakataon upang maibahagi ng mga Pilipino dito sa Morocco ang kanilang mga katangi-tanging galing at talento, lalo na ang kanilang pride sa pagiging Pilipino.

Kahit na once a year lang ang pagganap ng Pistang Pinoy, ito ay pagkakataon upang maibahagi ninyo – hindi lamang ng ating sampung kandidato para sa Mutya ng Kalayaan ng Pilipinas – ang kahulugan ng pagiging Pilipino.

Tulad po ng sinabi ng ating pangulo na si Bongbong Marcos, panahon na upang bumangon ang Pilipinas at ipakita natin sa buong mundo ang ating unity at pride sa pagiging Pilipino. Sabi nga niya: *Bagong Pilipinas is a call for transformation, the transformation of our idea of being Filipino and the transformation of our economy, of our governance, of society. Bagong Pilipinas begins with ourselves.*

Alam ko pong mahirap mawalay sa ating mga pamilya at minamahal na nasa Pilipinas o sa iba pang bansa. Ngunit dapat nating tandaan na lahat ng ating sakripisyo dito sa Morocco ay makakatulong sa ating mga pamilya at mahal sa buhay sa Pilipinas.

Bilang inyong Punong Sugo sa Morocco, kasama ang buong embahada ng Pilipinas, ipinapagdasal ko po ang inyong tagumpay, kalusugan at kaligayahan.

Mabuhay ang bawat Pilipino! Mabuhay ang Pilipinas!